


**Agosto 28, 2025-** Masaya at makulay na ipinagdiwang ng ating paaralan ang pagtatapos ng Buwan ng Wika na may temang ***"PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA: MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA."*** Ang araw na ito ay isang espesyal na pagkakataon upang ipagdiwang ang yaman ng ating wika at kultura, at ang kanilang mahalagang papel sa pagkakaisa at pag-unlad ng ating bayan.

Sa araw na ito, ang mga guro at mag-aaral ay parehong nagsuot ng makulay at makabuluhang Barong Tagalog at Filipiniana, na nagbigay ng dagdag na saya at kaanyuan sa ating selebrasyon. Ipinakita nila ang kanilang pagmamahal sa ating kultura sa pamamagitan ng kanilang kasuotan, kaya't ito ay nagbigay buhay sa ating tradisyon at kasaysayan.

Sa kabila ng araw ng pagtatapos, nagpatuloy pa rin ang mga regular na klase sa umaga at hapon kaya't isang oras lamang ang inilaan para sa simpleng selebrasyon sa silid-aralan. Pagkatapos ng mga akademikong gawain, sinalubong ang mga mag-aaral ng mga awiting Pilipino bilang pambungad ng programa, na nagbigay ng masayang simula sa araw ng pagdiriwang.

Bilang bahagi ng selebrasyon, binigyan ng parangal ang mga mag-aaral na may pinakamagandang kasuotang Pilipino (para sa mga lalaki) at Filipiniana (para sa mga babae), bilang pagpapahalaga sa ating tradisyon. Binigyan din ng parangal ang mga nagwagi sa *Pagbaybay sa Filipino* at pagkulay ng *Poster na may kaugnayan sa wikang Filipino*. Ilang araw bago ang kulminasyon ng pagdiriwang, isinagawa na ang mga kompetisyon tulad ng *Pagbaybay sa Filipino*, at napili na ang mga nagwagi sa bawat klase. Ganun din sa *pagkulay ng Poster.* Sa araw ng pagtatapos, dito iniabot ang mga parangal sa mga nagwagi, kasabay na rin ang mga mag-aaral na may pinakamagandang kasuotan.

Ang programa, na tumagal ng isang oras sa bawat silid-aralan, ay nagtapos sa isang masarap na pagsasalo-salo ng mga pagkaing Pilipino. Ang bawat pagkain ay nagpapaalala sa kahalagahan ng ating kultura at sa diwa ng bayanihan at pagkakaisa.

Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ngayong taon ay nagsilbing paalala sa atin kung gaano kahalaga ang ating wika at kung paano ito nagsisilbing tulay upang magkaisa bilang isang bansa. Sa patuloy na pagpapalaganap at pagpapayabong ng ating wika at kultura, tayo ay magkakatuwang na magpapatuloy sa pagtataguyod ng ating pagkakakilanlan at kasaysayan.

Isang taos-pusong pagbati sa lahat ng nagwagi sa bawat baitang! Lubos din ang aming pasasalamat sa mga magulang na patuloy na nagbibigay ng walang sawang suporta sa ating mga mag-aaral.

Higit sa lahat, isang malaking pasasalamat sa buong pamilya ng Primarya sa pangunguna ni Dr. Cleofe P. Macaraeg, Pangalawang Punong-Guro ng Kagawaran ng Primarya, sa kanilang sipag, tiyaga, at walang humpay na pagtutok at paggabay, at sa ating mga guro na naging mahalagang bahagi ng tagumpay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika. **Mabuhay tayo at patuloy nating itaguyod ang ating kulturang Pilipino!**